Kaantasan ng Pang-uri

Panuto: Bilugan ang tamang pang-uri para sa kaantasang ipinahihiwatig sa pangungusap.

1. Si Lance ay (mapagbigay, mas mapagbigay, pinakamapagbigay) sa kanyang mga kaibigan.
2. (Mabaho, Masmabaho, Pinakamabaho) ang utot ni Sam sa lahat.
3. (Malaki, Masmalaki, Pinakamalaki) ang tyan ng nanay ko.
4. Tayo ba ay pupunta sa (malayo, masmalayo, pinakamalayong) lugar?
5. (Matulis, Masmatulis, Pinakamatulis) ang lapis ko kaysa sa inyo.
6. (Matangkad, Masmatangkad, Pinakamatangkad) si Maki sa mga batang naririto.
7. Ang pari ay (mabait, masmabait, pinakamabait) sa kanyang mga parokyano.
8. Si Snow White ang (maputi, masmaputi, pinakamaputi) sa kaharian.
9. (Malikot, Higit na Malikot, Pinakamalikot) ang aking bunsong kapatid.
10. Ang pari ay (mabait, masmabait, pinakamabait) sa kanyang mga parokyano.

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.

Kaantasan ng Pang-uri

Panuto: Salungguhitan ang pang-uri. Isulat sa patlang ang L kung Lantay, PH kung pahambing at PS kung pasukdol.

1. _____ Higit na mabagal lumakad ang suso kaysa sa pagong.

2. _____ Maganda ang tanawin sa Manila Bay.

3. _____ Ang Petronas Tower ang pinakamataas na gusali sa mundo.

4. _____ Si Bochoy ang pinakamatabang bata sa aming barrio.

5. _____ Mas matingkad ang kulay dilaw kumpara sa pula.

6. _____ Si Mang Pandoy ang may pinakakonting huli ng isda.

7. _____ Mas mahusay magluto si Ate Myrna kaysa kay Ate Joy.

8. _____ Bukas sasakay ako sa higanteng bola.

9. _____ Si Fernando Amorsolo ay sikat na pintor.

10. _____ Higit na marikit ang rosas kaysa sa calachuchi.

11. _____ Bibo ang mga mag-aaral ng 2-C.

12. _____ Pinakamalakas ang boses ni Samantha sa lahat.

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.

Kaantasan ng Pang-uri

Sumulat ng pangungusap gamit ang mga kaantasan ng pang-uri.

Halimbawa

(mabilis)

Lantay - Mabilis tumakbo si Lance.

Pahambing - Mas mabilis tumakbo si Lance kumpara kay Sam.

Pasukdol - Pinakamabilis tumakbo si Gabe sa mga bata.

1. (matalas)

   lantay - _____

   pahambing - _____

   pasukdol - _____

2. (masarap)

   lantay - _____

   pahambing - _____

   pasukdol - _____

3. (mabango)

   lantay - _____

   pahambing - _____

   pasukdol - _____

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.

Contributed by Cheryl Gatchalian

Kaantasan ng Pang-uri

Panuto: isulat ang **L** kung lantay, **PH** kung pahambing at **PS** kung pasukdol ang kaantasan ng pang-uring may salungguhit.

_____ 1. Ang bata ay mabait.

_____ 2. Pinakamaganda si Carrie sa mga bata.

_____ 3. Mabango ang mga bulaklak sa hardin.

_____ 4. Si Gabe ay mas mabilis kaysa kay Ethan.

_____ 5. Higit na malakas si Joaquin kaysa kay Miguel.

_____ 6. Ang kotse ni Kevin ay mas mabilis kaysa sa kotse ni Lino.

_____ 7. Malabo ang tubig sa ilog Pasig.

_____ 8. Ang bulkan Taal ang pinakamaliit na bulkan sa Pilipinas.

_____ 9. Iyang hawak mo ang pinakamatamis na mangga sa lahat.

_____ 10. Ikaw pala ang pinakamapayat sa buong klase.

_____ 11. Mas maliit ang aso ni Henry kaysa sa aso ni Bea.

_____ 12. Laging maputi ang damit ni Jose.

_____ 13. Kaninong proyekto ang pinakamakulay sa lahat?

_____ 14. Higit na mabigat amg bag ko kaysa sa bag niya.

_____ 15. Sila ang pinakamaiingay na grupo sa klase.

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.

Kaantasan ng Pang-uri

Contributed by Cheryl Gatchalian

Panuto: Bilugan ang tamang pang-uri sa kaantasang ipinahihiwatig sa pangungusap.

1. (Masaya, Mas masaya, Pinakamasaya) ang mga batang nanalo sa kontes.
2. Ang tubig ay (malamig, mas malamig, pinakamalamig).
3. Si Jerry ay (matangkad, higit na matangkad, pinakamatangkad) kaysa kay Mario.
4. (Mapula, mas mapula, pinakamapula) sa lahat ang mga rosas na nabili ko sa palengke.
5. Si nanay ay (mabait, mas mabait, pinakamabait) sa anak.
6. (Malinis, mas malinis, pinakamalinis) ang uniporme ni Ben sa mga batang naririto.
7. (Malusog, mas malusog, pinakamalusog) ngayon ang alagang mong pusa, Dencio.
8. Ang aklat niya ay (makapal, mas makapal, pinakmakapal) kaysa sa aklat ko.
9. (Malaki, Higit na malaki, pinakamalaki) ang bahay naming kaysa sa kanila.
10. (Masarap, mas masarap, pinakamasarap) ang ulam ni Sam sa lahat.
11. (Maayos, mas maayos, pinakamaayos) ang mga gamit ng babae kaysa sa mga lalaki.
12. (Kulot, mas kulot, pinakulot) ang buhok ng batang Aeta.
13. Siya ay (masipag, mas masipag, pinakmasipag) mag aral kaysa sa kapatid niya.
14. Ang binili kong ruler ang (mahaba, mas mahaba, pinakamahaba) sa buong klase.
15. Si Gabe ay isang (matalinong, mas matalinong, pinakamatalinong) bata.

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.

Contributed by Cheryl Gatchalian

Kaantasan ng Pang-uri

Sumulat ng pangungusap ayon sa larawan at kaantasan ng pang-uri na nakasaad.

1. pahambing

_____

2. pasukdol

_____

3. lantay

_____

4. henry  tatay pahambing

_____

5. pasukdol

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.